**SALIN BUHAT SA KATITIKAN NG PANGKARANIWANG PULONG NG SANGGUNIANG BAYAN NG BUSTOS, BULACAN NA GINANAP NGAYONG IKA-10 NG OKTUBRE, 2016 SA BULWAGANG PULUNGAN NG AMADO RAYMUNDO.**

**Mga Nagsidalo:**

**IGG. LEONARDO L. LEONCIO**
*Pangalawang Punong Bayan at*
*Tagapangulo ng Sangguniang Bayan*

**IGG. ANTONIO L. PUNONGBAYAN, SR.**
*(Pinuno ng Mayorya)*

**IGG. JULIET DJ. DELA CRUZ**
*(Pinuno ng Minorya)*

**IGG. FRANCIS ALBERT G. JUAN** **IGG. ORLANDO L. DE GUZMAN**
**IGG. LEO T. SANTOS** **IGG. EDWIN N. DE GUZMAN**
**IGG. ROMULO DF. LAZARO** **IGG. APRILLE KEITH M. LAZARO**

**IGG. MARTIN SJ. ANGELES**
*(Pangulo, Liga ng mga Barangay)*

# PAMPAMAHALAANG KAUTUSAN BLG. 2016-14

**"ISANG KAUTUSANG NAGPAPATIBAY SA BAGONG DISENYO NG SAGISAG NG SANGGUNIANG BAYAN".**

**Pinagtibay sa mungkahi at panulat ni: Igg. Edwin N. De Guzman**

**SAPAGKA'T,** ang naunang disenyo ng Sagisag ng Sangguniang Bayan ay limitado lamang ang ginamit na disensyong grapiko;

**SAPAGKA'T,** sa kasalukuyan ay mayroong nang angkop na teknolohiya na lalong nagpaganda sa disenso ng Sagisag ng Sangguniang Bayan at ang kumbinasyon ng bbagong disenyo ay pinainam pa at tinimplahan ng mas maayos upang tumerno;

**SAPAGKA'T,** ang pagbabagong disenyo ay isang simbolikong pagpapatibay na makasasabay sa malawakang pagdiriwang ng Sentenaryo ng pagsasarili at Sequisentenaryo ng pagkakatatag ng Bayan ng Bustos sa taong 2017 – habang tumatanaw sa mayaman nitong nakaraan – ay humaharap sa bagong siglo na may sariwang posyon sa paglilingkod sa bayan.

**KUNG KAYA'T,** sa mungkahi ni **IGG. EDWIN N. DE GUZMAN** na buong pagkakaisang sinang-ayunan ng lahat ng kasangguning dumalo sa pulong na ito.

**IPINASIYA, gaya ng dito ay IPINASISIYA,** na pagtibayin ang bagong disenyo ng sagisag ng Sangguniang Bayan at magtupad ng mga alituntunin gaya ng mga *sumusunod:*

**Seksyon 1.** ***Maikling Pamagat.* —** Ang Kautusang ito ay kikilalaning, "Ang opisyal na Sagisag ng Sangguniang Bayan."

**Seksyon 2.** ***Layunin.* —** Ang Kautusang ito ay naglalayong magkaroon ng isang unipormadong transaksyon sa loob ng Sangguniang Bayan.

**Seksyon 3.** ***Saklaw* —** Sinasaklaw ng Kautusang ito ang lahat ng transaksyong ginagawa sa  Sangguniang Bayan.

**Seksyon 4.** ***Sagisag ng Sangguniang Bayan.* —** Ang Sagisag ng Sangguniang Bayan ay bubuuin ng mga sumusunod na banghay, kulay, kalasag, mga kasangkapan at motto:

**Banghay -** Ang baskagan ng Sagisag ng Sangguniang Bayan ay pabilog na nkapaikot ang pariralang "Sagisag ng Sangguniang Bayan," at "Bustos, Bulacan' na nakasulat sa titik na tipo de letrang Book Antiqua na may kulay na uzcuro azul (madilim na bughaw). Ang gintong letra sa pagitan ng mapusyaw na dilaw na hangganan at ponding ozcuro azul ay kumakatawan sa teritoryal na hurisdiksyon ng Municipalidad, na ito ay natatangi at naiiba mula sa iba pang mga pulitikal at heograpikal na pook Bulacan.

1. **Tintura - *(Mga kulay)* -** Ang kulay ng ozcuro azul ay nangangahulugan ng kagalang-galang; ang kulay ng azul (azul real) sa pagiging makatarungan at sa pagtataguyod sa karangalan at kagalingan; pula para sa katatagan ng loob; puti para sa katapatan at kadalisayan ng layunin; dilaw para sa kawanggawa; at luntian (vert) para sa pag-asa at kasaganaan.

2. **Eskudo** – Ang escudo ng Sagisag ay binubuo ng :

*a)* Kalasag – *Sa loob ng Sagisag ay ang kalasag na simbolo ng* Munisipalidad ng Bustos, Bulacan. Ang apat na sulok niyaon ay kumakatawan sa kapangyarihan, demokrasya, pagkakapantay-pantay at pagpapalakas sa mamamayan.

*b)* Mga kasangkapan – Inaadornohan ang paligid ng kalasag ng korona na dahong laurel na sumasagisag sa mataas na antas ng kahusayan. Nakaluklok sa ibabaw ng kalasag ang araw na sumisimbolo sa kaliwanagan. Ang balantok ng araw ay kumakatawan sa Tagapangulo ng Kapulungan, at ang sampung sinag ay ang sampung (10) Miyembro ng Sangguniang Bayan; samakatuwid, ang bumubuo sa Sanggnian ay dapat kumilos sa lahat ng oras sa diwa ng karunungan at mabuting pagpapasiya.

*c)* Ang Bustos Dam ay ang sagisag ng mayamang kasaysayan, ekonomiya, kaunlarang sosyo-politikal at pamanang kultural ng Munisipalidad. Ito ay kumakatawan sa katatagan, at kakayahang umangkop ng mamamayan at ng bayan sa pagdaloy ng panahon.

*d)* Sa babang bahagi ng Sagisag ay ang malyeteng kahoy, na kumakatawan sa kapangyarihang pambatasan ng Sanggunian. Ito ay nakaposisyon ng pantay upang mangahulugan sa pagkamatarungan.

*e)* Ang palay na may labing-apat (14) na haspe ay kumakatawan sa pagkakaisa ng labing apat(14) na barangay, at ang rural at urban na tampok ng bayan.

*f)* Ang balahibong panulat ay kumakatawan sa sigasig sa pagtupad ng tungkulin sa paggawa ng batas.

*g)* Kapag pinagbuklod, ang mga kasangkapang ito ay simbolo ng paggawa ng batas (malyete) na may integridad (panulat) sa pamamagitan ng/at para sa taumbayan.

*h)* Nakaputong sa kalasag ang tatlong (3) dilaw na mga bituin, na sumasagisag sa tatlong (3) salik ng mabuting pamamahala: pagiging hayag, pagiging mapanagutan, at katatagan.

*i)* Isang putting kalapati ang lumilipad sa gitna ng mga bituin na may isang balumbong nakaipit sa tuka na sumasagisag sa gampanin ng Sangguniang Bayan na:

- Makamit ang pabuting pamamahala sa pamamagitan ng epektibo at makabuluhang pagsasabatas, at;

- Maging tagapagtanggol ng batas (na kinakatawan ng balumbon ng sulatan). Ang kalapati ay nangangahuluhan din sa pananaw, pagmamasid at pagbabantay.

**Motto** - Isang puting laso ang pumapalamuti sa eskudo; nakasult dito ang mga salitang "ang kapakanan ng mamamayan ang kataas-taasang batas ng bayan," saling Filipino para sa "Salus Populi Suprema Lex Esto." Ang pariralang ito naiugnay sa Romanong estadista na si Marcus Tullius Cicero sa De Legibus (Book III, Sub. VIII). Ang pantas na Ingles na si John Locke, sa kanyang Ikalawang Sanaysay sa Gobyerno, ay tumutukoy sa mga ito bilang ang pangunahing alituntunin para sa pamahalaan.

**Seksyon 5.** ***Pagsususog na Sugnay.*** — Alinmang bahagi o mga bahagi ng mga kautusang pambayan, kapasiyahan, tagapagpaganap o pampangasiwaang atas na taliwas sa mga itinatadhana ng Kautusang ito ay binabago, sinususugan o pinawawalang-bisa.

**Seksyon 6.** ***Paghihiwalay na Sugnay*** — Alinmang bahagi o mga bahagi ng kautusang ito na mapapatunayang labag sa batas o Saligang Batas na ipapawalang-bisa ay hindi magpapawalang-bisa sa mga tadhanain ng Kautusang ito na hindi mapapatunayang labag sa batas.

**Seksyon 7.** ***Pagkakabisang Sugnay*** - Ang kautusang ito ay magkakabisa tatlumpung (30) araw makaraang maipabatid sa lahat ng mga barangay sa Bustos, Bulacan ang Kautusan ito.

**PINAGTIBAY**, ngayong ika-10 ng Oktubre taong Dalawang Libo Labing *Anim, sa Dakilang Bayan ng Bustos, Bulacan.*

**LEONARDO L. LEONCIO**
Pangalawang Punong Bayan at
Tagapangulo ng Sangguniang Bayan

——■——

Pinatutunayan ko ang Kawastuhan at Katotohanan na ang nakatitik sa itaas nito ay pinagtibay ng Sangguniang Bayan ngayong ika-10 ng Oktubre taong Dalawang Libo at Labing Anim.

**ATTY. GERARDO S. BRIASA**
Kalihim

——■——

***Sinang-ayunan:***

Nilagdaan ngayong ika-25 ng Oktubre 2016

**ARNEL F. MENDOZA**
Punong Bayan